## Anu-ano ang ilan sa mga posibleng hindi magandang epekto ng gamot para sa impeksiyon ng TB?

Bihira ang mga hindi magandang epekto ng mga gamot, ngunit maaaring may kasama itong:

- Nasusuka
- Pagsusuka
- Maitim na ihi
- Pantal sa balat
- Naninilaw na balat at/o mga mata
- Kawalan ng ganang kumain
- Nangingimay na mga kamay at/o paa

**Kung mayroon kayong alinman sa mga hindi magandang epekto na ito, sabihin kaagad sa inyong doktor, nars o sinanay na manggagawa para sa kalusugan mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.**

## Ano ang magiging tungkulin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan?

Ang Kagawaran ay nagmamalasakit sa inyo at sa inyong pamilya at nagbibigay ng paggamot para sa impeksiyon ng TB. Kung ginagamot kayo ng Pampublikong Kalusugan, maaari kayong tingnan ng isang doktor o Nars sa TB na may Mas Malawak na Tungkulin (Extended Role Nurse, ERN). Ang ERN ay isang rehistradong nars na nagkaroon ng espesyal na pagsasanay sa pamamahala ng mga pasyenteng may impeksiyon ng TB o sakit na aktibong TB. Ang serbisyong ito ay ibinibigay lamang ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles.

**Para sa karagdagang impormasyon sa TB, bisitahin ang [www.publichealth.lacounty.gov/tb](http://www.publichealth.lacounty.gov/tb)**

Tagalog CDCP-TB-0002-12 (Rev: 01/21/20)

# Impeksiyon ng TB

## Ano ang kailangan ninyong malaman para manatiling malusog




COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health

## Ano ang Impeksiyon ng TB?

Kung mayroon kayong impeksiyon ng TB, naroroon ang mga mikrobyo ng TB ngunit "tulog" sa inyong katawan. Kung mayroon kayong impeksiyon ng TB, hindi kayo magkakaroon ng mga sintomas, hindi kayo makakaramdam na may sakit, at hindi maikakalat ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Gayunpaman, kung hihina ang inyong resistensiya, maaaring "magising" ang mga mikrobyo ng TB na ito at dumami. Maaari kayong magkasakit ng aktibong TB. Kung mayroon kayong sakit na aktibong TB, mayroon kayong mga sintomas katulad ng masamang ubo, pamamawis sa gabi, pagkapagod, at pagbaba ng timbang. At saka, maaari ninyong maikalat ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. Ang pangunahing naaapektuhan ng TB ay ang mga baga, ngunit maaari rin ito makaapekto sa ibang mga bahagi ng katawan. Kung hindi gagamutin, maaaring humantong ang TB sa kamatayan.

## Paano nagkakaroon ng impeksiyon ang isang tao?

Naikakalat ang mga mikrobyo ng TB sa hangin kapag umuubo, bumabahin, tumatawa, nagsasalita, o kumakanta ang isang taong may sakit na aktibong TB. Kung hihinga kayo sa hangin na may mga mikrobyo ng TB, maaari kayong mahawaan nito. Gayunpaman, hindi kayo makakakuha ng TB mula sa mga damit, pinggan, pagkain, kumot, o pisikal na pagkakadikit sa isang tao na mayroong sakit na aktibong TB.



## Ano ang gamot para sa Impeksiyon ng TB?

Kung nagkaroon kayo ng impeksiyon ng mga mikrobyo ng TB, maaari kayong magkasakit ng TB. Maaari itong mangyari kaagad o ilang taon ang makakalipas. Maaaring gamutin ng gamot ang impeksiyon ng TB, pinakamadalas gamit ang Isoniazid. Kailangan ninyong inumin nang araw-araw ang gamot na ito para sa anim hanggang siyam na buwan. Mayroon ring mas maikling rehimen na pinagsasama ang dalawang gamot na linggu-linggong iinumin para sa 12 linggo.

## Bakit ko kailangan uminom ng gamot kung hindi ako nakakaramdam na may sakit?

Maaari kayong magkaroon ng sakit na aktibong TB kung hindi kayo iinom ng gamot para sa inyong impeksiyon ng TB. Maraming papatayin na mga mikrobyo ng TB pagkatapos ninyong simulang inumin ang inyong gamot, ngunit mananatiling buhay ang ilan sa inyong katawan para sa matagal na panahon. Hangga't mayroon pa kayong mga mikrobyo ng TB sa inyong katawan, ang mga ito ay maaaring "magising," dumami, at magkasakit kayo. Kung umiinom kayo ng gamot sa TB, mahalagang tapusin ninyo ang inyong gamot, ayon sa inirereseta ng inyong doktor o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

## Paano ko masasabi kung mayroon akong Impeksiyon ng TB?

Magpasuri ng balat o dugo para sa TB. Kung magpapasuri kayo ng balat, siguruhing bumalik kayo sa inyong doktor pagkatapos ng dalawa hanggang tatlong araw para sa mga resulta ng inyong pagsusuri. Kung magpapasuri kayo ng dugo, hindi ninyo kailangan bumalik sa klinika para sa inyong mga resulta.

| Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng impeksiyon ng TB at Sakit na aktibong TB | |
|---|---|
| **Impeksiyon ng TB** | **Sakit na Aktibong TB** |
| Walang mga sintomas | Masamang ubo sa loob ng 3 linggo o mas matagal pa |
| Hindi nakakaramdam na may sakit | Umuubo na may kasamang dugo |
| Positibong pagsusuri sa balat o dugo (karaniwan) | Positibong pagsusuri sa balat o dugo (karaniwan) |
| Normal na x-ray sa dibdib (karaniwan) | Hindi normal na x-ray sa dibdib (karaniwan) |
| Hindi maikakalat ang TB | Kawalan ng ganang kumain |
| Maaaring magkaroon ng aktibong TB kung hindi makukumpleto ang paggamot | Kahinaan, pagkapagod |
| | Panginginig, lagnat, pamamawis sa gabi |
| | Pagbaba ng timbang |

## Paano kung positibo ang resulta sa pagsusuri ng balat o dugo?

Ang positibong resulta sa pagsusuri ng balat o dugo ay karaniwang nangangahulugan na may impeksiyon kayo ng mga mikrobyo ng TB, ngunit hindi talaga ito nangangahulugan na mayroon kayong sakit na aktibong TB. Ang ibang mga pagsusuri, tulad ng isang X-ray sa dibdib o sample ng dura (plema), ay kailangan upang malaman kung mayroon kayong sakit na aktibong TB.

## Kailan ako dapat magpasuri ng balat o dugo?

Kailangan ninyong magpasuri para sa TB kung kayo ay:

- Mayroong mga sintomas ng aktibong TB
- Gumugol ng mahabang panahon kasama ang isang tao na mayroong aktibong TB
- Mayroong huminang resistensiya, katulad ng HIV o diyabetes
- Nag-iniksyon ng mga ilegal na gamot
- Pumunta sa U.S. kamakailan mula sa Latin America, ang Caribbean, Aprika, Asya, o Silangang Europa
- Nagtrabaho o nanatili sa isang nursing home, kanlungan para sa walang tahanan, bilangguan, o ibang setting ng grupo.